

FACT SHEET PARA SA MGA PRIVATE COMMITTEE

Paghiling na Maaprubahan ang Paggamit sa Restricted Assets

PUBLIC GUARDIAN AND TRUSTEE

Bilang committee of estate, ang iyong abilidad na pangasiwaan ang mga partikular na asset ay maaaring limitado ng mga restriction ng kautusan ng hukuman, o ng kasunduan (tulad ng isang Hindi Nababawing Letter of Direction). Alinsunod sa mga restrictions, kung nais mong ibenta, ilipat, restriktahan, o ma-access ang assets, dapat kang kumuha ng pahintulot ng Public Guardian and Trustee (PGT) o karagdagang kautusan ng hukuman.

Ipinapaliwanag ng fact sheet na ito ang mga alituntunin upang matulungan kang gumawa ng isang kahilingan sa PGT upang maaprubahan ang isang restricted asset, maliban sa pagbebenta ng real property. Sumangguni sa PGT fact sheet ukol sa *Sale of Real Property (o Pagbebenta ng Mga Lupain at Aria-arian)* para sa mga partikular na alituntunin sa paghiling na maaprubahan ang pagbebenta ng isang restricted real property.

MGA ISINASAALANG-ALANG

Aaprubahan lamang ng PGT na ma-access ito kapag ang kahilingan ay malinaw na nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang na walang kakayahan, kung saan ikaw ang committee (ang “nasa hustong gulang”). Maaaring nasa pinakamabuting interes nila na ma-access mo ang restricted asset sa ilang mga sirkumstansya, tulad ng mga sumusunod:

- upang mapunan ang isang patuloy na kakulangan sa kita ng nasa hustong gulang;
- upang pondohan ang isang makabuluhan o isang beses na di pangkaraniwang gastos ng nasa hustong gulang;
- upang magbayad ng utang ng nasa hustong gulang;
- upang maglipat ng restricted account sa isang bagong institusyong pinansyal;
- upang bumili ng real property para magamit ng nasa hustong gulang;
- upang bumili ng isang di pinansyal na asset para sa nasa hustong gulang; o
- upang makakuha ng loan para sa nasa hustong gulang, na gagamitin ang restricted real property bilang collateral.



PUBLIC GUARDIAN
AND TRUSTEE OF
BRITISH COLUMBIA

Bago magsumite ng isang kahilingan, isaalang-alang kung:

- **Ang kahilingan ba ay nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang at saklaw ng iyong awtoridad?**

Kung ang kahilingan ay para sa isang malaking regalo, o paglilipat na tulad ng isang nakaraang pamamahagi ng ari-arian ng nasa hustong gulang, hindi ito inaaprubahan ng PGT.

- **Ang asset ba ay nabanggit sa testamento ng nasa hustong gulang?**

Kung nais mong ibenta o ilipat ang isang asset na nasa testamento bilang ispesipikong regalo ng nasa hustong gulang, dapat kang kumuha ng dokumento na nagsasaad ng halaga ng mga nalikom, o market value ng asset, alinsunod sa seksyon 48 ng *Wills, Estates, and Succession Act (Batas ukol sa Mga Testamento, Ari-arian at Pagpapamana)*.

- **Ang mga asset ba na hindi restricted ay maaaring gamitin para tustusan ang kahilingan?**

Kung magkagayon, dapat mong ipaliwanag kung bakit hindi mo ginagamit ang mga assets na iyon sa halip na ang restricted assets (hal., kung ang mga hindi restricted assest ay kasama sa testamento ng nasa hustong gulang at nais mong panatilihin ang mga ito para sa mga benipisyaryo).

- **May tungkulin ba ang PGT sa pagsubaybay sa iyong committeeship?**

Kung ang nasa hustong gulang ay namatay na o permanenteng nanirahan sa labas ng British Columbia, wala nang tungkulin ang PGT at hindi na isinasaalang-alang ang kahilingan.

PAGSUSUMITE NG IYONG KAHILINGAN

Ipadala ang iyong kahilingan sa pamamagitan ng e-mail, fax o pagsulat sa PGT, “Attention: Private Committee Services”, at nakalakup ang:

- Mga detalye ng account at halaga na hiniling, kasama ang isang statement na nagsasaad ng kasalukuyang balance ng account;
- Mga numerong matatawagan o contact information ng mga institusyong pinansyal; at
- Isang maikling paliwanag ng mga dahilan para sa kahilingan, at kung bakit ito ay maaaring nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang kapag naaprubahan.

Mangyaring tandaan: Ang PGT ay nangangailangan ng minimum na sampung araw ng trabaho upang repasuhin at tumugon sa kahilingang maaprubahan ang paggamit sa restricted assets, maliban sa mga restricted real property, na nangangailangan ng limang araw ng trabaho. Ang hindi pagbibigay ng mga kinakailangang dokumento ay makakaantala sa pagrepaso ng PGT sa iyong kahilingan.

Ang karagdagang impormasyon sa katangian ng iyong kahilingan ay kinakailangan tulad ng mga sumusunod:

Kahilingan upang mapunan ang isang patuloy na kakulangan sa kita ng nasa hustong gulang:

- Magbuo ng isang pangmatagalang plano upang matugunan ang mga pangangailangan ng nasa hustong gulang at matukoy ang halaga ng kapital na kailangan para tustusan ang kakulangan sa panahong iyon;

- Maghanda ng isang budget na nagsasaad kung magkano ang kailangan ng nasa hustong gulang sa bawat buwan na batayan. Subukang pag-aralan ang lahat ng gastos sa bawat araw at isama ang isang allowance para sa maliliit at hindi inaasahang bayarin at mga pagtaas ng presyo;
- Magbigay ng mga napapanahong impormasyon kaugnay ng halaga ng kita at assets ng nasa hustong gulang.

Inirerekomenda ng PGT na gawin mo ang iyong mga kahilingan kapag nagsusumite ng iyong committee account upang mabawasan ang iyong “paperwork” at mapabilis ang proseso ng pagrepaso.

Kapag ang iyong kahilingan ay naaprubahan, papayagan kang ma-access ang isang fixed amount ng restricted capital para sa isang takdang panahon, na nagtatapos sa panahon ng susunod na committee accounting (hal., kung ang iyong susunod na committee accounts ay dapat bayaran sa susunod na dalawang taon, \$ 1000 /kada buwan sa loob ng dalawang taon).

Kahilingan upang pondohan ang isang makabuluhan o hindi pangkaraniwang isahang-beses na gastos:

- Magsumite ng isang estimate ng konstruksiyon/kontratista upang masuportahan ang halagang hinihiling kung ang gastos ay makabuluhan (tulad ng renovation ng isang real property);
- Mga pinagsama-samang maliliit na gastusin at isumite ito bilang isang kahilingan.

Ang mga kahilingan na may ganitong katangian ay dapat na para sa mga gastos na hindi pangkaraniwan at / o hindi inaasahan, at sa pangkaraniwan ay isinusumite ng hindi hihigit sa isang beses bawat taon.

Kahilingan upang magbayad ng utang:

- Isama ang dokumento na nagkukumpirma ng utang na isang obligasyon ng nasa hustong gulang, at ipakita ang kasalukuyang balanse ng utang.

Kahilingan upang maglipat ng isang restricted account sa isa pang institusyong pinansyal:

- Kumpirmahin ang pagmamay-ari at sinumang mga pinangalanan na benipisyaryo ay hindi nagbago.

Kailangan ng PGT na ang bagong account ay saklaw ng katumbas na seguridad. Kung hindi maibibigay ang katumbas na seguridad, dapat kang magbigay ng malinaw at nakakakumbinsing impormasyon na ang kahilingan ay nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang. Mangyaring tandaan, ang paglilipat ng asset sa isang lokasyon o institusyon sa labas ng British Columbia, para sa kabutihan man ng nasa hustong gulang; ang ginhawa sa committee na makakuha ng maliit na pagtaas ng rate of return ay maaaring hindi sapat upang bigyang katwiran ang resultang pagbawas sa seguridad.

Kahilingan upang bumili ng real property:

- Kukumpirmahin na ang real property ay nakarehistro sa pangalan ng nasa hustong gulang.

Ang pagbili ng real property para sa mga layuning pamumuhunan ay hindi itinuturing na mahusay na investment at ang ganitong mga kahilingan ay hindi inaaprubahan. Isinasaalang-alang lamang ng PGT ang mga kahilingang bumili ng real property kapag nasa loob ng British Columbia at para sa paggamit ng nasa hustong gulang. Ang mga kaugnay na abala sa pagbebenta o pagbili ng real property na mula sa restricted assets ay kinakailangan ng pag-apruba ng PGT o karagdagang kautusan ng hukuman.

Kahilingan upang bumili ng isang di pinansyal na asset:

- Kukumpirmahin na nakarehistro ang asset sa pangalan ng nasa hustong gulang, at kinakailangang matugunan ang mga pangangailangan ng nasa hustong gulang (hal., isang sasakyan, medikal na kagamitan o mga kagamitan sa bahay).

Kahilingan upang makakuha ng isang mortgage o home equity loan na gagamitin ang real property bilang collateral:

- Magbigay ng isang nakakakumbinsing dahilan kung bakit nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang na gawin ito (hal., upang mapanatili ang nasa hustong gulang sa kanyang bahay);
- Magsumite ng isang budget na nagpapakita ng kakayahan ng nasa hustong gulang na bayaran ang loan (kung naaangkop).

Ang maksimum na halaga ng pautang o loan na aaprubahan ng PGT ay limitado sa kung ano ang kasalukuyang pangangailangan ng nasa hustong gulang. Ang mga loan para sa mga layuning pamumuhunan ay hindi itinuturing na matalinong desisyon at kaya ang mga kahilingan para sa mga naturang loan ay hindi aaprubahan.

PROSESO NG PAGSUSURING MULI

Ang isang Committee Review Officer ay susuriin ang iyong kahilingan at maaaring mangailangan ng karagdagang impormasyon para kumpirmahin na ito ay nasa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang. Kapag ang kahilingan mo ay naaprubahan, papayuhan ka agad ng PGT sa anumang mga kailangan sa seguridad, na dapat gawin kaagad. Sa sandaling naayos ang seguridad, ang PGT ay magpapadala ng sulat na naaprubahan ang iyong kahilingan.

Mga kailangan sa seguridad: Kung maglilipat ka ng isang restricted asset sa isa pang institusyong pinansyal, maaaring mangailangan ang PGT ng isang Hindi Nababawing Letter of Direction, na pinirmahan mo at ng iyong bagong pinansyal na institusyon, na nagkukumpirma na ang iyong pag-access sa bagong account ay restricted. Ang Committee Review Officer ay bibigyan ka ng isang template ng Hindi Nababawing Letter of Direction kung kinakailangan.

Mga hindi naaprubahang kahilingan: Hindi aaprubahan ng PGT ang kahilingan sa mga sumusunod na sirkumstansya:

- Ang kahilingan ay hindi makakatugon sa mga pinansyal o legal na obligasyon ng nasa hustong gulang, o mga pangangailangan sa kalusugan at kaligtasan.
- Ang kahilingan ay ilalagay ka sa isang kasalungat na interes sa nasa hustong gulang (hal., isang regalo o loan para sa iyong sarili o isang kamag-anak mo).
- Ang kahilingan ay salungat sa term na kautusan ng hukuman na kasalukuyang epektibo.
- May paulit-ulit na mga naunang kahilingan ngunit walang kasiya-siyang pangmatagalang plano na ginawa.

Kung ang iyong kahilingan ay hindi naaprubahan, ikaw ay may opsyon na gumawa ng aplikasyon para sa isang kautusan ng hukuman upang aprubahan ito alinsunod sa seksyon 28 ng *Patients Property Act (Batas ukol sa Ari-arian ng Pasyente)*. Ang PGT ay dapat magkaroon ng kopya ng notice ng iyong application, at wala itong magiging posisyon, o kung may mga pag-aalala, ay tutulan ang iyong application.


MGA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Layunin ng Fact Sheet na ito na magbigay ng pangkalahatang payo at direksyon, upang makatulong na mabisang makipagtrabaho at magtagumpay sa PGT. Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa iyong ispesipikong sitwasyon, mangyaring huwag mag-atubiling tumawag sa Private Committee Services department at humiling na makausap ang isang Committee Review Officer.

Kung mayroon kang mga karagdagang katanungan tungkol committeeeship, mangyaring sumangguni sa Private Committee Services pages sa www.trustee.bc.ca, o kontakin ang Private Committee Services department.



Private Committee Services
Public Guardian and Trustee
700-808 West Hastings Street
Vancouver BC V6C 3L3
Telepono: 604.660.1500
Website: www.trustee.bc.ca
Email: webmail@trustee.bc.ca

 **Regular na oras ng trabaho sa PGT,
Lunes hanggang Biyernes,
8:30am - 4:30pm,**

Tumawag nang Libre

Matatawagan nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na maikunekta sa **Public Guardian and Trustee.**

 Vancouver	604.660.2421
 Victoria	250.387.6121
 Mga karatig ng BC	1.800.663.7867